Advisory Blg. 118, s. 2017
Hunyo 7, 2017
Ayon sa pagpapatupad ng DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
ang *Advisory* na ito ay hindi pag-eendorso, ayon naman sa DO 28, s. 2001,
ito ay isang impormasyon lamang para sa mga opisyal
at kawani ng Kagawaran ng Edukasyon, at ng mga mamamayan.
(Visit *www.deped.gov.ph*)

PANDAIGDIGANG KONGRESO SA MGA PAG-AARAL HINGGIL SA FILIPINAS SA WIKANG FILIPINO NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay magdaraos ng *Pandaigdigang Kongreso sa Mga Pag-aaral Hinggil sa Filipinas sa Wikang Filipino* mula ika-2 hanggang ika 4 ng Agosto, 2017 na gaganapin sa Pambansang Museo, Lungsod ng Maynila.

Ang layunin ng Kongreso ay ang mga sumusunod:

1. matipon ang mga iskolar at mga pag-aaral hinggil sa Filipinas at mahimok na gamitin ang wikang Filipino sa kanilang saliksik;
2. malikom ang mga pinakaprogresibo at siyentipikong pagsusuri sa wika, panitikan, kasaysayan, sining, at kultura ng Filipinas;
3. makabuo ng isang bagong pagtanaw sa Filipino; at
4. mabalangkas ang isang pangmatagalang estratehiya tungo sa edukasyon hinggil sa Filipinas na gumagamit sa Filipino.

Ang mga dadalo sa gawaing ito ay ang mga iskolar, propesor, guro, at estudyante sa iba't ibang larang ng pag-aaral hinggil sa Filipinas na pagtutuonan ang mga larang ng kasaysayan, kultura, panitikan, at mga wika.

Ang panayam ng mga pangunahing eksperto sa iba't ibang larang (sesyong plenary), mga presentasyon ng saliksik (sesyong sabayan), pangkulturang pagtatanghal, at paglulunsad ng mga aklat ay itatampok sa Kongreso.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa *DepEd Order No. 9, s. 2005* na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa mga karagdagang impormasyon, maaaring tumawag at makipag-ugnayan kay:

Virgilio S. Almario, National Artist
Tagapangulo
Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)
2/P Gusaling Watson, 1610 Kalye Jose P. Laurel
San Miguel, 1005 Maynila
Telepono: (02) 736-2519; (02) 736-2525; (02)516-0326
Email: komfil@kwf.gov.ph
Website: www.kwf.gov.ph